Paano Susuportahan ang Mga Batang May Pisikal na Kapansanan
Kawanihan ng Edukasyon 2022

Panimula

Gusto palagi ng mga magulang na linangin ang talent ng kanilang mga anak sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng naaangkop na kapaligiran sa pamumuhay at pag-aaral. Ang maagang pagkakakilanlan at suporta ay nakakatulong sa mga batang may espesyal na pangangailangang pang-edukasyon (SEN) ay magpapadali sa kanilang pag-angkop sa pang-araw-araw na buhay at kapaligiran sa pag-aaral, at magpapaunlad ng kanilang mga potensyal.

Ano ang Pisikal na Kapansanan (Physical Disability, PD)?

Tumutukoy ang PD sa kapansanan na dulot ng mga sakit ng central at peripheral neurological system, trauma o iba pang congenital na sakit ng musculoskeletal system, na humahantong sa hadlang o limitasyon sa isa o higit pang aspeto sa pang-araw-araw na pamumuhay. Pangunahing kasama sa mga pisikal na kapansanan ang mga sumusunod na kategorya: cerebral palsy, spina bifida, spinal muscular atrophy, muscular dystrophy, amputation, osteogenesis imperfecta, juvenile idiopathic arthritis, atbp.

Mga Papel ng Magulang

<u>Bigyan ang anak mo ng positibong kapaligiran at angkop na pangangalaga</u>

- Kilalanin at tanggapin ang kapansanan at mga limitasyon ng anak mo
- Dapat na maunawaan ng mga miyembro ng pamilya ang mga pangangailangan ng batang may PD; positibo at aktibong nagbabahagi ng responsibilidad sa pag-aalaga sa bata na may PD
- Bigyang pansin ang pisikal na kondisyon ng anak mo, at regular na suriin ang mga inilagay na auxiliary na tulong at palitan ang mga ito kung kinakailangan.
- Samahan ang anak mo na tumanggap ng panlunas na rehabilitasyon at magpatuloy sa pagsasanay sa bahay
- Kaagad at maagap na ibigay sa paaralan ang impormasyon ng SEN ng iyong anak hal., mga ulat sa pagtatasa, mga ulat sa medikal, atbp.
- Panatilihin ang komunikasyon sa team ng suporta ng mag-aaral, guro ng klase at mga guro ng subject ng paaralan para maunawaan ang mga kondisyon ng pag-aaral at pakikibagay sa lipunan ng anak mo sa paaralan; at talakayin ang naaangkop na mga diskarte sa suporta sa paaralan kung kinakailangan para sama-samang suportahan ang kanyang mga pangangailangan sa paglago

<u>Gabayan ang anak mo na harapin ang mga hamon sa pag-aaral at buhay na may pag-unlad na pag-iisip</u>

- Pahusayin ang pagpapahalaga sa sarili at pagiging epektibo ng anak mo sa pamamagitan ng paglinang ng kanyang malayang kakayahan
- Hayaan na maunawaan ng anak mo na ang bawat isa ay may iba't ibang lakas at kahinaan, at matututo siyang tanggapin ang kanilang sariling pisikal na mga kondisyon at limitasyon.
- Turuan at hikayatin ang anak mo na ipahayag ang kanyang pisikal na kondisyon sa iba, at pagbutihin ang kanyang pagtanggap sa sarili at mga kakayahan sa komunikasyon sa iba
- Gabayan ang anak mo na harapin ang iba't ibang hamon nang may positibong pag-iisip, at magbigay ng positibong feedback sa pagsisikap at mahusay na pagganap ng iyong anak

- Bigyang pansin ang damdamin ng anak mo, at tulungan siyang makahanap ng mga solusyon sa mga paghihirap at ituring ang mga sagabal bilang karanasan ng paglaki at pag-aaral

Hikayatin ang anak mo na paunlarin ang kanilang potensyal at planuhin ang kanyang buhay

- Hikayatin ang anak mo na lumahok sa iba't ibang mga extra-curricular na gawain para matulungan siyang maunawaan at mapaunlad ang kanyang mga interes at potensyal para mapahusay ang kanyang pag-unawa sa tagumpay at palawakin ang kanyang kinabibilangang grupo sa lipunan
- Maging bukas ang isipan habang tinatalakay ang karagdagang pag-aaral sa iyong anak, tulungan siyang makakuha ng impormasyong kailangan; galugarin ang mga pagkakataon at suportahan ang anak mo na planuhin ang kanyang buhay ayon sa kanyang sariling mga interes, lakas at mithiin

Para sa karagdagang impormasyon sa pagsuporta sa mga batang may SEN, maaaring sumangguni ang mga magulang sa “Gabay ng Magulang sa Buong Paaralan na Diskarte sa Pinagsamang Edukasyon” sa website ng Kawanihan ng Edukasyon (EDB) (tingnan ang likod na pahina para sa link).

Mga Serbisyo sa Suporta at Diskarte

Sa pangkalahatan, depende sa pagtatasa at rekomendasyon ng mga espesyalista at sa pahintulot ng mga magulang, ang mga mag-aaral na may mas malubhang PD o maraming kapansanan ay maaaring isangguni sa mga espesyal na paaralan para sa masinsinang mga serbisyo ng suporta. Ang ibang mag-aaral na may banayad na PD ay maaaring mag-enrol sa mga ordinaryong paaralan. Magbibigay ang mga paaralan ng sumusunod na suporta alinsunod sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral:

Mga Espesyal na Paaralan

Ang mga paaralan para sa mga batang may PD ay nagbibigay ng mga serbisyo sa edukasyon para sa mga mag-aaral na may mas malubhang PD o maraming kapansanan. Bukod sa pagbibigay ng akademikong kurikulum, ang mga paaralang ito ay gumagamit din ng auxiliary at espesyalistang kawani para magbigay ng mga serbisyong panglunas (physiotherapy, occupational therapy, speech therapy, atbp.), at kumuha ng mga kagamitan at device sa rehabilitasyon para matulungan ang mga estudyanteng may PD na paunlarin ang kanilang potensyal nang buo.

Mga Karaniwang Paaralan

Nagpapatupad ang mga paaralan ng tiered na modelo ng pamamagitan at pagbibigay ng mga serbisyo ng suporta sa mga mag-aaral na may PD ayon sa kanilang mga indibidwal na pisikal na kondisyon. Habang nagbabago ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral para sa pisikal at mental na suporta habang nagbabago ang kanilang katayuan sa kalusugan, edad o yugto ng pag-unlad, dapat na regular na kumonsulta ang mga paaralan sa mga nauugnay na propesyonal, tulad ng mga nag-aasikasong doktor, occupational therapist, physiotherapist, atbp., at sumangguni sa mga pananaw ng mga mag-aaral at mga magulang upang mag-set up ng naaangkop na mga modelo ng pamamagitan at gumawa ng mga tiyak na kaayusan para sa mga mag-aaral. Kung hidi matutugunan ng Tier-2 na "add-on" na suporta ng grupo ang mga pangangailangan ng suporta sa iba't ibang aspekto ng mga mag-aaral, isasaalang-alang ng mga paaralan ang pagbibigay ng indibidwal na Tier-3 na masinsinang suporta para sa mga mag-aaral at gumawa ng "mga indibidwal na plano sa

edukasyon" para sa kanila. Sa pangkalahatan, magbibigay ang mga paaralan ng sumusunod na suporta alinsunod sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral:

Mga kultura at patakaran ng campus

- Dapat bumuo ang mga guro ng isang napapabilang na kultura sa pamamagitan ng paghikayat sa mga mag-aaral na tumulong sa isa't isa ayon sa mga espesyal na pangangailangan ng mga mag-aaral, hal., pagdadala ng mabibigat na bagay, pagsusulat ng talaarawan sa paaralan, paggabay sa mga mag-aaral na may PD na gumagamit ng mga elevator, atbp.
- Kung kinakailangan, magdaos ng iba't ibang uri ng seminar o magbigay ng impormasyon para sa mga mag-aaral at mga magulang para mapahusay ang kanilang pang-unawa sa PD at bigyang-daan na maunawaan nila ang mga patakaran ng paaralan.

Kapaligiran ng Campus

- Pangasiwaan ang pag-access ng mga mag-aaral sa iba't ibang sulok ng paaralan at paggamit ng mga pasilidad sa pamamagitan ng pagpapahusay at pagbili ng mga auxialiary na tulong, atbp.
- Isaayos ang mga mag-aaral na may kapansanan sa paggalaw na maupo malapit sa pasukan ng silid-aralan at tiyaking may sapat na espasyo para makagalaw sila o ilagay ang kanilang mga auxiliary na tulong tulad ng mga wheelchair, saklay, atbp.

Pag-aaral at Pagtuturo

- Magbigay ng naaangkop na tulong o mga espesyal na kaayusan para sa mga mag-aaral na may PD para makalahok sila sa iba't ibang gawain sa pag-aaral para mapagbuti ang kanilang mga karanasan sa pag-aaral at mapagtanto ang kanilang buong potensyal.
- Iangkop at/o palawakin ang kurikulum ng paaralan para matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral
- Unawain ang mga limitasyon sa pagganap ng mga mag-aaral, kumonsulta sa mga mag-aaral, mga magulang, mga guro at mga kaugnay na propesyonal ayon sa kanilang aktwal na mga pangangailangan para makapagbigay ng naaangkop na mga pagsasaayos para sa mga mag-aaral sa pag-aaral at pagtatasa, hal., makatuwirang pagsasaayos ng allowance sa oras o ang pagkakaloob ng mga pinangangasiwaang pahinga sa panahon ng pagtatasa

Mga indibidwal na pangangailangan ng mga mag-aaral

- Suriin ang mga pangangailangan ng suporta ng mga mag-aaral sa imahe sa sarili, pamamahala ng emosyon, interpersonal na relasyon, atbp., at magbigay ng follow-up kung kinakailangan.
- Makipag-ugnayan sa mga kaugnay na propesyonal kung kailangan para maunawaan ang mga kondisyon ng mga mag-aaral at mga pangangailangan sa rehabilitasyon, at gumawa ng napapanahong pagsasaayos
- Patuloy na obserbahan at itala ang mga kondisyon ng mga mag-aaral at pag-unlad ng rehabilitasyon, at iulat ang naturang impormasyon sa mga kaugnay na propesyonal para makagawa sila ng mas naaangkop na mga plano sa paggamot para sa mga mag-aaral.

Pakikipagtulungan ng Tahanan-Paaralan

- Panatilihin ang mahigpit na pakikipag-ugnayan sa mga magulang para maunawaan ang mga kondisyon at pangangailangan ng mga mag-aaral sa paggawa ng napapanahong pagsasaayos para suportahan ang mga diskarte

Mga Kapaki-pakinabang na Website at Numero ng Telepono para sa Pagtatanong Kawanihan ng Edukasyon

https://www.edb.gov.hk/en/contact-us/hotline.html

Pangrehiyon na Tanggapan ng Edukasyon ng Hong Kong (Hong Kong Regional Education Office)	2863 4646
Pangrehiyon na Tanggapan ng Edukasyon ng Kowloon (Kowloon Regional Education Office)	3698 4108
Pangrehiyon na Tanggapan ng Edukasyon ng New Territories East (New Territories East Regional Education Office)	2639 4876
Pangrehiyon na Tanggapan ng Edukasyon ng New Territories West (New Territories West Regional Education Office)	2437 7272
Mga Pangkalahatang Pagtatanong sa Espesyal na Edukasyon (General Enquiries on Special Education)	3698 3957
Seksyon ng Serbisyo para sa Sikolohiyang Pang-edukasyon (Educational Psychology Service Section)	
• Hong Kong	3695 0486
• Kowloon	3698 4321/ 3907 0949
• New Territories East	3547 2228
• New Territories West	2437 7270

Online na Impormasyon para sa "SENSE" Integrated na Edukasyon at Espesyal na Edukasyon

https://sense.edb.gov.hk/en

- Impormasyon tungkol sa pagsuporta sa mga mag-aaral na may PD
https://sense.edb.gov.hk/en/types-of-special-educational-needs/physical-disability/index.html

- "Gabay ng Magulang sa Buong Paaralan na Diskarte sa Pinagsamang Edukasyon"
https://sense.edb.gov.hk/uploads/page/integrated-education/guidelines/ieparentguide.pdf

- "Gabay sa Operasyon sa "Buong Paaralan na Diskarte sa Pinagsamang Edukasyon"
https://sense.edb.gov.hk/uploads/page/integrated_education/landing/ie_guide_en.pdf

Kagawaran ng Kalusugan

Serbisyo sa Pagsusuri ng Bata	https://www.dhcas.gov.hk/en/
Serbisyong Pangkalusugan ng Mag-aaral	https://www.studenthealth.gov.hk/eindex.html

Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan

https://www.swd.gov.hk